


### Abstract

The creative work "Huwad", talks about the abuses and social cruelty of politicians, law enforcement and rich people in this pandemic. Their hypocrisy is not only in the obvious personality of the followers but also in the hypocrisy of the leader who dictates to his disciples. "Huwad" displays that corruption and greed has always been an ogre to the injustices in society especially now that those in power have even muffled more the society.

### Keywords

Corruption, abuse, hypocrisy, false accusations, poverty

### English titles

Hypocrisy

1. Alms
2. Test 1. Confession
3. An Inscrutable Riddle of the COVID-19 Fund Corruption

# HUWAD (FILIPINO)

**ADRIAN PETE MEDINA PREGONIR**

# LIMOS

*1. Oberpas*

Nag-aabang ng lingap sa paparating na mga hakbang ang bata sa hagdan sa ilalim ng oberpas. Pinipilit nitong binubulang-gugo ang kaliwang kamay upang makakuha ng pansin sa bawat paglabay. Mahigpit ang hawak ng kanang kamay sa tipulon na bakal at saka sinisipat ang maalikabok na hagdan na may bahid ng alinsangan. May mamasa-masa ring tambalan ng iba pang bata ang hagdan habang hinog-sa-panahon ng kataga ang mga haligi't poste ng uling o nalabing color spray mula sa basurahang nilukob ng hungkag na mga face mask.

*2. Madaling-araw*

Mahimbing ang nginig ng kaniyang lalamunan, buto't laman. Ngunit nilangisan at pinukaw ng bulyaw ng tanod at nagrorondang pulis ang kaniyang himbing. Utos-bulyaw-bugbog. Nagkalamat ang kaniyang likod sa paghiga, pagtakas. Tumalilis!

3.

Maraming magagawa sa lansangan ngunit iba sa kanilang pakikipagpatintero sa mga barya't tira-tirang pagkain sa nagtatalumpating ilaw at usok ng mabangis na lungsod habang naglalagalag din ang huklubang sakit. Wala itong hanggang pagsasawa sa malalapad na daan at pagsaksi sa nayayamot na basurang pinalulutang ng mabahong simoy.

4.

Dumaan ako sa kanilang higaan sa oberpas isang tanghaling tapat sa ragasa ng mga nagsasawatang sasakyan. Pinagulong ko ang pingas na lata. Sumagi iyon sa tahanan ng bata. Iyon ang sipa ng munting gunita ng pagkayod sa paghahanap ng tahanan sa bahay ng maybahay, sa panlilimos ng limos, sa gitna ng di maapulang kagaw.

## Test I. Pagtatapat

Paksang Aralin: Mga Alagad ng Batas sa Gitna ng Pandemya

Piliin ang sagot at itatak sa isipan. Huwag kalilimutan. Piliin ang tama, sigurado, sapul, malinis, walang pagdadalawang-isip, pulidong sagot mula sa pagpipiliang titik:

**A.** Armed Forces of the Philippines **B.** Philippine National Police
**C.** Kgg. Dzuthirty **D.** All of the above

*Mga Susing Salita: Mamamatay-tao, may sala, walang puso, mambabanta, "red-tagger," terorista*

**1.** Pinaslang nila ang Aleng nagtitinda,
Noong gabi na siya ay nag-iisa.
Nang kumalat na ang dugo sa bangketa,
Tinago ang pahina ng ebidensiya.
Sino ang may sala?

**2.** Nang nag-post ng #JunkTerrorLaw si John,
Agad siyang pinuntahan. At kinaumagahan:
nagpapakalasing na ang langaw at uod
sa kaniyang duguang katawan sa lansangan.
Sino ang mamamatay-tao?

**3.** Bumili lang ng sangkapulot na bigas,
Dinampot at hinatulan na ng bigwas.
Mahigpit ang atas, tinig ay marahas
Ng unipormadong mga naka-armas.
Sino itong mga walang puso?

**4.** Kung magbabahing ka ng iyong pagkontra,
Terorista ka sa 'yong sumpa't panata.
Kung ikaw ay madidismaya sa kanya,
Hukay mo'y sa nangakatagong lamang-lupa!
Sino itong teroristang nangrered-tag?

**5.** Nagbungkal ng mga gulay si Patricia
Sa tumatangis at guguhong tumana,
Ipakakain sa ibang naluluha,
Ngunit NPA raw nito ang may gawa.
Sino ang nagbintang na NPA si Patricia?

# HINDI MAINTINDIHANG BUGTONG SA COVID-19 FUND CORRUPTION

*de minimis non curat lex*

Humigop ng kahungkagan at kamandag ang asong ulol
sa basurang may bulto-bultong face mask at test kit na hindi nagamit.

Kinulimbat nito ang natagpuang buto at tumaba lamang sa pagsisisi.
Gumapang sa daan ang nahigop niyang kamandag sa mga batang

palaboy na punit ang kamiseta, walang panangga, basa't basag.
Walang pag-aklas sa naidadarang na init. Nabihisan agad ng halik

sa pagtataksil sa ipinaglalabang espasyong dumuduro sa balat
ng kamusmusan. Agad silang nginatngat ng hayok na huwad

na alulong ng daigdig mula itaas hanggang iba pang mga panig.
*Bumulong ang alulong sa humihiging na buntonghininga ng hangin:*
libingan o libingan?

# SALIMPAPAW (HILIGAYNON)

## LIMOS

1. *Oberpas*

Nagapaabot sa nagapadulong nga tikang ang bata sa hagdan sa idalom sang oberpas. Ginapabukyug sini ang iya natuo nga kamot agod makuha ang bungog sang manoglabay. Hugot ang pagpanguyat sang nawala nga kamot sa tipuron nga salsalon samtang ginapamatikdan ang yab-ok sa hagdan nga napun-an sang alingasog. Nagalatab man ang pagkapid sang mga bata sa hagdan samtang nakunopan ang mga dingding kag poste sang mga dibuho nga ginhinog sang panahon nga gama sang uling kag color spray, gikan sa basurahan nga ginlukug sang kuliro nga mga face mask.

2. *Kaagahon*

Mahamuok ang ugtom sang iya tutonlan, katul-anan kag kaundan. Apang ginpukaw sang tanod kag nagaronda nga mga pulis ang iya katulgon. Ginsugo, ginsinggitan, ginhan-usan. Nagbalana ang likod sa kahigdaon kag paglayas. Dumalagan!

3.

Madamu pa sang mabuhat sa dalanon ugaling lain ini sang sa ila pakiglantay-lantay sa pisoson kag salin gikan sa nagadagil nga suga kag aso sang ilahas nga syudad samtang nagapanglugayawan ang kagaw. Walay katubtoban ini nga pagkasum-od sa malapad nga dalanon kag pagpanaksi sa nagakabahot nga higku nga ginapadata sang nagaalingasu nga hangin.

4.

Nag-agi ako sa ila palahuwayan sa idalom sang oberpas isa ka udto sa daluhog sang nagaalug-og nga mga salakyan. Ginsipa ko ang gupi nga lata kag pumadulong ini sa iya palahuwayan. Amo yadto ang sipa sang dyutay nga banas sang pagpanikasug sa pagpangita sang panimalay sangsa balay sang may balay, sa paglimos sang limos, sa tunga sang indi matapna nga kagaw.

## Test 1. Pagtuad

Topiko: Mga Gakod sang Balaud sa Tunga Sang Pandemya

Pilia ang sabat kag ibutang sa hunahuna. Indi pagkalimti. Pilia ang tul-id, sigurado, sapul, walay higku kag walay pagduhaduha nga sabat gikan sa pagapilian nga katigbatuhan:

**A.** Armed Forces of The Philippines **B.** Philippine National Police
**C.** Kgg. Dzuthirty **D.** All of the above

*Mga Susing Tinaga: Mamamatay-tawo, may sala, wala kasingkasing, mamamahug, "red-tagger," terorista*

**1.** Ginluthang ang Manang nga manogbaligya,
Sang gab-i nga nagaisahanon lang sya.
Kag sang nagkalat ang dugo sa bangketa,
Gintago na ang tanan nga ebidensya.
Sin-o ang may sala?

**2.** Sang nag-post sang #JunkTerrorLaw si John,
Dayon sya kinadtuan. Sang kaagahon:
Nagapakahubog ang langaw kag ulod
Sa duguan niyang lawas sa dalanon.
Sin-o ang mamamatay tawo?

**3.** Nagbakal lang sya sang diyotay nga bugas,
Gindakop kag ginsentensyahan sang sumbag,
Maigsog nga ginsugo, tingog nga makusog,
Sang unipormado lunsay nga armado.
Sin-o ang wala kasingkasing?

**4.** Kon magpanghatsing ka sang imo pagkontra,
Sa imo panaad, ikaw terorista.
Kon ikaw madismaya gid ya sa iya,
Lulobngan mo sa katalonan yara na.
Sin-o ang terorista nga nagapangred-tag?

**5.** Nagpangali sang utanon si Patricia
Sa pamulakan nyang nagahinambiton.
Ipakaon sa nagapalangluha
Apang NPA daw ini nga buluhaton.
Sin-o ang nagbansag nga NPA si Patricia?

# ANG INDI MAHANGPAN NGA PAKTAKON SA COVID-19 FUND CORRUPTION

*de minimis non curat lex*

Nagsuyop sang kakuyaphaw kag kadinalitan ang ido buang
sa basurahan nga may binulto nga walay gamit nga facemask kag test kit.

Gin-ati sini ang nakit-an nga tul-an kag nanambok lamang sa paghinulsol.
Nagpuyod sa dalanon ang hinigop nya nga pagkadalitan sa mga bata

nga makilimos, gision ang bayu, wala facemask, basa kag buung.
Wala katigdas ang kasingkal nga dulot. Naagusan gilayon sang paghaluk

sa ahang sang ginapakigbato nga espasyo nga nagayaguta sa panit
sang pagkabata. Dayon gin-angkab sila sang dahak nga salimpapaw

sang awong sang kalibutan gikan ibabaw kag sa iban pa nga bahin.
*Naghutik ang ugong sa nagaagumud nga pagginahawa sang hangin:*
Lulobngan ukon lulobngan?